

Komprehensibong Plano ng **One Seattle**

PAGBABAGO NG KLIMA

Ang pagbabago ng klima ay nangyayari na ngayon, at ang mga epekto ay nakakasira sa ating komunidad. Mula sa nakakapawis na matinding kainitan at napakalaking apoy na sumasakal sa ating hangin, hanggang sa pagtaas ng dagat at matinding pagbaha sa mga kalsada, nararanasan ng Seattle ang mga epekto ng pagbabago ng klima. Tulad ng karamihan sa mga lungsod, nagsusumikap ang Seattle na pamahalaan ang mga mapaminsalang epekto na ito. Kasabay nito, dapat tayong kumilos na upang bawasan ang mga paglabas ng carbon na nag-aambag sa pagbabago ng klima sa hinaharap mula sa ating dalawang pinakamalaking mapagkukunan: transportasyon at mga gusali.

Ang pagtugon sa ating mga layunin sa klima ay isa ring pagkakataon upang makalikha ng mga trabaho at isulong ang patas na transisyon tungo sa nababagong enerhiya sa pamamagitan ng pagbibigay-prioridad sa mga pamumuhunan sa mga komunidad na pinakanapipinsala sa kasaysayan ng mga kawalan ng hustisya sa ekonomiya, lahi, at kapaligiran.

Ang mga emisyon ng greenhouse gas ng Seattle ay lumalala.

Basura

Mga Gusali

Industriya

Transportasyon


Pagbabago ng Klima sa Update ng Komprehensibong Plano

Ang Komprehensibong Plano ay magsasama ng mga bagong patakaran sa klima na nakatuon sa pagbabawas ng mga emisyon mula sa mga gusali at transportasyon, at ginagawang mas may kakayahan ang ating lungsod sa mga epekto ng pagbabago ng klima. Ang mga patakarang pangmatagalan ay maglalapit sa Seattle sa pagiging neutral sa carbon sa pagsapit ng 2050 at tutulong na bumuo ng lungsod na maaaring umunlad sa kabila ng pagtaas ng mga dagat, matinding kainitan, pagbaha at mas matinding bagyo. Ang Seattle ay nakatuon sa pakikipagtulungan sa ating mga kasosyo upang maabot ang mga pamprobinsya, rehiyonal at pambuong estadong layunin.

Mga Pangunahing Isyu




Pagbabawas ng Mga Emisyon



Malapit sa Kalikasan na Trabaho



**Pagbagay
at Katatagan ng Klima**



Ano ang Ginagawa Namin Ngayon

- [Subaybayan ang mga emisyon ng greenhouse gas](#) 
- [I-convert ang transportasyon sa malinis na enerhiya](#) 
- [Bumuo ng mas makakapaligiran](#) 
- [Iangkop ang mga pasilidad ng Lungsod](#) 
- [Magplano para sa makatarungan at pantay na transisyon](#) 
- [Gawing hindi gaanong mahina sa mga epekto ng klima ang mga front line na komunidad](#) 
- [I-map ang mga lugar na madaling maapektuhan ng mga natural na panganib na pinapalala ng pagbabago ng klima](#) 

Pag-usapan Natin Ang Hinaharap

Ano ang pinaka ikinababahala mo tungkol sa pagbabago ng klima?

Ano pa ang pwede nating gawin upang bawasan ang mga emisyon ng greenhouse gas mula sa mga sasakyan at gusali?

Ano pa ang pwede nating gawin upang lumikha ng mga trabaho at pagkakataon sa transisyon sa zero na emisyon ng carbon?

Ano pa ang pwede nating gawin upang mapanatiling ligtas ang mga lugar at tao na pinaka-madaling maapektuhan sa mga epekto ng klima (pagtaas ng lebel ng dagat, pagbaha, matinding init, atbp.)?



Ipadala ang iyong mga komento sa:
oneseattlecompplan@seattle.gov



Para sa dagdag na impormasyon, bumista sa:
seattle.gov/opcd/one-seattle-plan

Upang makatanggap ng dokumentong ito sa ibang kahaliling format o wika, makipag-ugnayan sa oneseattlecompplan@seattle.gov para humiling ng matutuluyan para sa may kapansanan para sa isang event o pagpupulong, makipag-ugnayan sa oneseattlecompplan@seattle.gov sa iyong pinakamaagang pagkakataon.